

Apendiks T-1: Protokol ng COVID-19 para sa mga Paaralang TK-12

Tandaan: Ang dokumentong ito ay madalas na binabago. Mangyaring tingnan ang petsa sa webpage para sa pinakabagong bersyon.

Kamakailang Pagbabago (Ang mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

10/4/2022

- Binago upang iayon sa nabagong Utos ng Opisina ng Kalusugan ng LACDPH tungkol sa panloob na pagmamaskara. Para sa karamihan ng mga indibidwal sa kapaligiran ng paaralan, ang pagmamaskara ay maaaring batay sa indibidwal na kagustuhan. Ang mga eksempyon ay mga indibidwal na bumalik sa paaralan bago makumpleto ang 10 araw ng pagbubukod pagkatapos ng kumpirmadong dyagnosis ng COVID-19 at mga indibidwal na nasa loob ng 10 araw ng malapit na pakikisalamuha sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19. Ang mga taong iyon ay patuloy na inaatang magmaskara sa paligid ng iba. Gayundin, ang mga indibidwal na mas matatalban na magkaroon ng malubhang sakit na COVID-19 ay mahigpit na inirekomenda na magsuot ng mataas na antas ng proteksyon na maskara sa maraming tao, panloob na mga kapaligiran na may mahinang bentilasyon.
- **Inirekomenda ang pagmamaskara para sa lahat ng indibidwal sa nars ng paaralan o opisina ng kalusugan, maliban kung ang isang kawani ay nagtatrabaho nang mag-isa sa espasyo.**

9/15/2022

- **Inalis ang pinagsasanggunian sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado kaugnay sa Beripikasyon ng Bakuna para sa mga Manggagawa sa mga Paaralan. Binawi ang Utos na epektibo noong September 17, 2022.**
- **Nilinaw ang Cal/OSHA ETS tungkol sa iniaatas ng mga amo na magbigay ng mga respireytor sa mga empleyado kapag humiling para sa boluntaryong paggamit anuman ang katayuan ng pagpapabakuna ng empleyado**

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (DPH) ng County ng Los Angeles ay nagtataguyod ng iba't ibang klase ng pamamaraan, na suportado ng agham at kadalubhasaan sa kalusugan ng publiko, para sa mga paaralan na naglilingkod sa mga mag-aaral mula sa transisyonal kindergarten hanggang sa gradong 12. Bilang karagdagan sa mga kundisyong ipinataw sa mga paaralan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado at ang Kagawaran ng Edukasyon ng California, ang mga paaralan ay dapat ding sumunod sa anumang mga patakaran na nakapaloob sa protokol na ito.

Mangyaring pakitandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin kapag may bagong impormasyon at mga mapagkukunan ay magagamit. Pumunta sa [LAC | DPH | TK-12 Education Toolkit](#) para sa mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang dokumentong ito ay nagsisimula sa isang talakayan ng mga kasalukuyang probisyon para sa edukasyon sa kampus sa Los Angeles County (LAC), na sinusundan ng impormasyon tungkol sa mga estratehiya sa kaligtasan na partikular sa kapaligiran ng paaralan.

Ang TK-12 protokol na ito ay nagbibigay ng mga hakbang sa kaligtasan sa limang larangan:

- (1) Mga iniaatas na patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho upang maprotektahan ang

kalusugan ng empleyado at mag-aaral

- (2) Mga hakbang na nagpapahintulot para sa pinabuting bentilasyon at mabawasan ang pagsisiksikan
- (3) Mga hakbang upang mapabuti ng maayos ang pagkontrol sa impeksiyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado, mag-aaral at pamilya ng mga mag-aaral at publiko
- (5) Mga hakbang upang masigurado ang pantay na pag-akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang mga iniaatas na patakaran at aksyon ay pinagsama-sama sa unang seksyon, habang ang karagdagang apat na seksyon ay naglalaman ng maraming mga estratehiya na maaaring piliin ng iyong paaralan na ipatupad habang ang iyong pasilidad ay bumubuo ng isang plano upang itaguyod ang kaligtasan para sa lahat ng empleyado, mag-aaral, at mga bisita. Bagama't ang ilang mga hakbang sa pagpigil at pagproteksyon ay iniaatas sa lahat ng paaralan, karamihan sa mga hakbang ay opsyonal at boluntaryo. Gayunpaman, angkop para sa mga paaralan na magpatupad ng maraming patong ng mga estratehiya sa pagkokontrol ng COVID-19 upang mabawasan ang panganib at limitahan ang mga kaso at paghahawahan sa kampus ng paaralan. Mayroon pang mga karagdagan hakbang na inilalarawan sa [Apendiks T2: Plano ng Pangangasiwa sa Pagkakalantad para sa mga Paaralan ng TK-12 Schools](#) na pareho ring iniaatas at nalalapat sa lahat ng nasa lugar na mga tauhan. Ang karagdagang mga mapagkukunan para sa mga Paaralang TK-12 ay matatagpuan sa [TK-12 School COVID-19 Toolkit](#).

Pangkalahatang Gabay sa Muling Pagbubukas para sa Lahat ng mga Paaralan

Sa ngayon, ang lahat ng mga paaralan ay pinahihintulutan na maging bukas para sa lahat ng mag-aaral sa kahit anong mga grado ng TK–12.

Tandaan: Para sa mga programa na nasa mga paaralan. Ang mga Lokal na Ahensya ng Edukasyon Agencies (LEAs) at mga paaralan na nag-aalok ng mga serbisyong pangangalaga sa araw para sa mga bata sa mga kampus sa paaralan ay dapat na sumangguni sa DPH [Guidance for ECE Providers](#).

ANG PAGPAPABAKUNA SA COVID-19 AY ANG UNANG LINYA NG DEPENSA

Ang makamit ang mataas na bilang ng pagbabakuna sa kampus ng iyong paaralan ang una at pinakamahasag na paraan upang mas mapababa ang panganib ng impeksyon at pagkakahawahan sa iyong paaralan, lubos na binabawasan ang panganib ng matinding sakit, pagkakahospital, at pagkamatay sa mga taong ganap ng nabakunahan, at nagbibigay ng isang karagdagang patong ng proteksyon para sa mga hindi maaaring ganap na mabakunahan, ay nakompromiso ang imyunidad, o may pinagbabatayan na mga kondisyon sa kalusugan. Para sa kadahilanang ito, bilang karagdagan sa lahat ng mga iniaatas at inirerekomenda na nakasulat sa protokol na ito, ang mga paaralan ay hinihimok na magpatibay ng mga estratehiya na ginagawang normal, nagtataguyod, at mapadali ang pagbabakuna ng COVID-19 at mga dosis ng pampalakas na bakuna para sa lahat ng mga kwalipikadong kawani at mag-aaral sa iyong kampus. Mangyaring tingnan ang [LACDPH Vaccine Clinic Toolkit para sa mga paaralan](#), ang bawat hakbang na gabay na may pinakamahasag na kasanayan para sa pagiging punong-abala sa klinika ng pagpapabakuna na nakabase sa paaralan. Inihayag din ng estado na noong Oktubre 1, 2021, ang kanilang plano na atasan na mabakunahan ang mga mag-aaral laban sa COVID-19 para sa harapang pag-aaral ng tao na nagsisimula sa termino na sumusunod sa ganap na pag-apruba sa bakuna ng FDA para sa kanilang mga nasasaklawang grado (7-12 at K-6); Gayunpaman, ang iniaatas na ito ay ipinagpaliban para sa 2022-2023 taon ng paaralan at ang pinakamaaga na maaari itong maging epektibo ay sa Hulyo 2023. Ang FDA ay nagbigay ng ganap na pag-apruba sa bakuna ng Pfizer Comirnaty para sa mga taong edad 12-15, sa gayon ang estado ay maaaring magpatuloy sa mga iniaatas ng pagpapabakuna sa COVID-19 para sa mga mag-aaral sa mga gradong 7-12 simula sa Hulyo 2023.

Listahan Para Mapigilan ang COVID-19 Mula sa TK hanggang Gradong 12

**Pangalan ng
Institusyon:** _____

Address: _____

TANDAAN: Ang mga salitang "empleyado" at "kawani" ay ginagamit sa mga protokol na ito upang tumukoy sa mga indibidwal na nagtatrabaho sa pasilidad ng paaralan sa anumang kapasidad na nauugnay sa pagtuturo, pagsasanay (coaching), suporta ng mag-aaral, pagkakaloob ng mga panggagamot (therapy) o personal na tulong sa mga indibidwal na mag-aaral, paglilinis ng pasilidad o pagpapanatili, administrasyon, o anumang iba pang aktibidad na iniaatas para gumana ang paaralan. Ang mga "empleyado" o "kawani" ay maaaring kabilang ang mga indibidwal na: binabayaran nang direkta ng kaugnay na sistema ng paaralan, na binabayaran ng mga etnidad na kumikilos bilang mga kontratista sa paaralan, na binabayaran ng mga tagalabas na etnidad na kumikilos sa pakikipagtulungan sa paaralan upang magserbisyo sa mga mag-aaral, na binabayaran ng mga ikatlong partido para magbigay ng mga indibidwal na serbisyo sa mag-aaral, o hindi bayad na mga boluntaryo na kumikilos sa ilalim ng direksyon ng paaralan upang maisagawa ang mga mahahalagang tungkulin. Ang salitang "mga magulang" ay ginagamit sa mga protokol na ito upang tumukoy sa sinumang mga taong nagsisilbing tagapag-alaga o tagapagbantay sa mga mag-aaral.

MGA INIAATAS NA MGA POLISIYA SA LUGAR NG TRABAHO AT MGA KASANAYAN PARA PROTEKTAHAN ANG KAWANI (“MGA EMPLEYADO”) AT MGA MAG-AARAL (TINGNAN ANG LAHAT NG NAAANGKOP)

A. Ang paaralan ay dapat magkaroon ng isang covid-19 na Plano sa Pagpigil, Pagtugon at Pagkontrol na naglalarawan sa komprehensibong pamamaraan ng paaralan upang mapigilan at makontrol ang pagkalat ng Covid-19 sa kampus. Kasama sa plano, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na elemento:

- ❑ Ang isang itinalagang Koponan ng Pagsunod sa COVID-19 na responsable sa pagtatatag at pagpapatupad ng lahat ng mga protokol ng kaligtasan ng COVID-19 at pagsisigurado na ang mga kawani at mag-aaral ay makatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Ang isang miyembro ng pangkat na ito ay itinalaga bilang isang tagapag-ugnay sa DPH kung sakaling may isang pagsiklab sa kampus.
- ❑ Ang protokol na nagpapaliwanag ng mga hakbang na gagawin kaagad kapag naabisuhan ng mga opisyal ng paaralan na ang sinumang miyembro ng komunidad ng paaralan (guro, kawani, mag-aaral, o bisita) ay nasuring positibo para sa COVID-19.
 - Agarang pagbubukod ng kaso mula sa komunidad ng paaralan hanggang sa sariling pagbubukod sa bahay kung ang abiso ay nangyari habang ang kaso ay nasa lugar. Ang plano ay dapat na magpahintulot para sa pansamantala, sa lugar na pagbubukod ng kaso kung ang pagsasaayos ay kinakailangan para sa pag-uwi ng tao sa kanilang tahanan.
 - Ang mga pahina ng katotohanan o iba pang mga impormasyong materyales na ibibigay sa kaso (o naaangkop na [mga] miyembro ng pamilya kung ang kaso ay isang bata) na sumasaklaw sa mga regulasyon na namamahala sa pagbubukod ng sarili at mga nag-uugnay sa mga lugar na may karagdagang impormasyon.
- ❑ Ang protokol na magsisiumula ng [Appendiks T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad para sa mga Paaralang TK-12 na naaayon sa gabay ng DPH](#) na nagpapaliwanag ng mga pamamaraan para sa:
 - Pagbubukod ng (mga) kaso
 - Pagkilala sa mga taong nalantad sa kaso sa paaralan
 - Mga gagawin para sa mga nalantad na mga kawani at mag-aaral para makontrol ang karagdagang transmisyong ng virus
 - Kasiguraduhan ng akses sa pagsusuri para sa lahat ng nalantad na mga mag-aaral at kawani sa loob ng paaralan anuman ang katayuan sa pagbabakuna.
- ❑ **Ang pagsunod sa Gabay sa Pag-uulat ng Bagong Kaso epektibo noong Agosto 1, 2022.** Inaatasan ang mga paaralan na mag-ulat ng mga kumpol ng 3 o mas marami pang mga kaso ng COVID-19 sa isang silid-aralan, opisina, o paunang natukoy o nakikilalang pangkat (iyon ay, mga kasamahan sa koponan, mga miyembro ng club, kasamahan [cohort], atbp.) na nasa kampus sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagsisimula ng sakit. Ang petsa ng pagsisimula ng sakit ay ang petsa na nagsimula ang mga sintomas ng COVID-19 o ang petsa ng pagsusuri ng COVID-19, alinman ang mas maaga. Ang lahat ng mga abiso sa kumpol ay dapat kaagad iulat sa DPH, at hindi lalampas sa 1 araw ng negosyo ng paaralan na pinag-abisuhan ng mga kaso sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang ulat sa online sa: https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en_US o pagtawag sa Sentro ng Tawagan ng Pag-uulat ng Kaso ng COVID-19 sa Paaralan ng TK-12. Para sa anumang mga katanungan o tulong sa pag-uulat ng mga kumpol, kontakin ang DPH sa pamamagitan ng pagtawag sa Sentro ng Tawagan ng Pag-uulat ng Kaso ng COVID-19 sa Paaralan ng TK-12 o pag-email sa acdc-education@ph.lacounty.gov. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa paaralan para malaman kung ang kumpol ay isang pagsiklab na mag-aatas ng pagtugon sa pagsiklab sa kalusugan ng publiko.
- ❑ Ang mga planong maaaring gawin para sa kabuuan o hindi kumpletong pagsasara ng harapang

pagpasok sa paaralan na operasyon kung ito ay kakailanganin sa pagsiklab sa paaralan o komunidad. Ang paaralan ay bumuo at nagpamahagi ng plano sa komunikasyon kung sakaling ganap o hindi kumpletong pagsasara ay kinakailangan dahil sa posibleng kumpol ng mga kaso ng COVID-19.

- Ang protokol para sa pagbibigay ng pagtugon sa pagsusuri ng COVID-19. Sa pinakamababa, ang protokol ay dapat ilarawan ang estratehiya para masigurado ang akses sa pagsusuri para sa mga mag-aaral o empleyado na may mga sintomas o mag-aaral at kawani na nalaman o pinaghihinalaang nalantad sa isang indibidwal na nahawahan ng SARS-CoV-2 anuman ang katayuan sa pagbabakuna. Tandaan na ang kasalukuyang Emerhensya ng Pagpigil ng Cal/OSHA COVID-19 na Pansamantalang Pamantayan ([Cal/OSHA ETS](#)) ay nag-aatas sa lahat ng mga amo na mag-alok ng pagsusuri na walang gastos sa mga empleyado habang walang pasok para:
 - Mga empleyadong may mga sintomas, hindi alintana kung mayroong pagkakaalam ng pagkakatantad.
 - Ang lahat ng mga empleyado pagkatapos ng pagkakatantad na may eksemsyon ng mga malapitang nakasalamuha ng kawani na dati nang nahawahan ng SARS-CoV-2 sa loob ng huling 90 araw.
 - Ang pagsusuri ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga empleyado na nalantad sa pagsiklab anuman ang katayuan sa pagpapabakuna
- Ang karatula ay nakalagay sa bawat pampublikong pasukan ng paaralan na nagpapaalam sa mga bisita na hindi sila dapat pumasok sa pasilidad kung mayroon silang sintomas ng COVID-19.

B. Mga obligasyon para sa mga Amo at Empleyado sa mga Paaralan

- Ang mga empleyadong may pagkakatantad o pinaghihinalaang pagkakatantad sa taong may COVID-19 ay dapat sumunod sa gabay pagkatapos ng pagkakatantad gaya ng nakadetalye sa [Appendiks T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakatantad para sa mga Paaralang TK-12](#).
- Ang mga Amo ay inaatasan, ayon sa [Cal/OSHA ETS](#) para ihiwalay ang mga empleyado mula sa lugar ng trabaho na mayroong mga sintomas ng COVID-19. Ang Cal/OSHA ay hindi nag-uutos ng anumang partikular na paraan ng pagsasala ng empleyado ngunit ang pagpapatupad ng ilang paraan gaya ng inirerekomenda ay makakatulong sa pagsunod sa iniaatas na ito.
- Ang mga amo ay iniaatasang mag-alok para sa boluntaryong paggamit ng mga maayos na kasyang medikal na maskara at respireytor, tulad ng N95, KN95 o KF94, nang walang bayad sa kanilang mga empleyado na nagtatrabaho sa loob na lugar at nakasalamuha ng ibang mga manggagawa, mag-aaral at miyembro ng publiko, o kung sinuman ang nasa mga sasakyang may higit sa isang tao. Tandaan na iniaatas din ng Cal/OSHA ang mga amo na magbigay ng mga respireytor kapag hiniling para sa boluntaryong paggamit ng sinumang empleyado, anuman ang katayuan ng pagbabakuna, na nagtatrabaho sa panloob na lugar o sa mga sasakyang may mas higit sa isang tao kasama ang mga tagubilin kung paano masisigurong naaangkop ang pagkakasya ng maskara.
- Dapat siguraduhin ng mga amo na walang taong pinipigilang magsuot ng maskara bilang kondisyon ng pakikilahok sa isang aktibidad o pagpasok sa lugar ng paaralan maliban kung ang pagsusuot ng maskara ay magdulot ng panganib sa kaligtasan.
- Ang mga empleyado na nakikibahagi sa mga aktibidad tulad ng pagbibigay ng panggagamot na pisikal [physical therapy] o personal na tulong sa mga indibidwal na mag-aaral ay dapat na mayroong mga naaangkop na personal na kagamitan sa proteksyon (guwantes, maskara, abito [gown], atbp.) _____

C. Pagpapatupad ng Mga Patakaran sa Pagmamaskara

Ang lahat ng mga paaralan ay inaatasan na sumunod sa mga utos ng opisyal ng kalusugan na iniaatas ang pagmamaskara sa LA County at magkaroon ng mga plano na gawa na upang ipaalam

ang mga naturang patakaran sa mga manggagawa, mga bisita, mga magulang, at mga mag-aaral.

☐ **Patakaran sa Eksempyon sa Pagmamaskara:** Sa mga oras na ang Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ay nag-aatas ng pangkalahatang pagmamaskara sa mga panloob na mga pampublikong kapaligiran kabilang ang mga paaralan, ang mga alternatibong estratehiya sa pagprotekta ay maaaring gamitin upang mapaunlakan ang mga mag-aaral na nasa Edukasyong Pang-indibidwal (Individualized Education) o mga Planong 504 at hindi kayang maisuot ang mga maskara o sa mga sitwasyon kung saan ang paggamit ng mga maskara ay mahirap dahil sa mga pagtuturong kadahilanan, kaligtasan ng mag-aaral, o kasalukuyang kapansanan. Maaaring hindi magsuot ng maskara ang mga indibidwal dahil sa mga sumusunod na dahilan:

- Ang mga taong mas bata pa sa dalawang taong gulang.
- Ang mga taong may kapansanan sa pagdinig, o pakikipag-usap sa taong may kapansanan sa pagdinig, kung saan ang abilidad na makita ang bibig ay mahalaga para sa komunikasyon.
- Ang mga taong may kondisyong medikal, kondisyon sa kalusugan ng isip, o kapansanan o natukoy ng medikal na tagapagkaloob na hindi ligtas para sa kanila na magsuot ng maskara, ay maaaring maghain ng eksempyon sa kanilang paaralan. Ang isang sertipikasyon mula sa isang lisensyadong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagpapatunay na ang mag-aaral ay may kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila sa ligtas na pagsusuot ng maskara ay tatanggapin bilang patunay ng eksempyon. Ang mga sumusunod na lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magbigay ng mga naturang patotoo: Mga medikal na tagapagkaloob kabilang ang manggagamot (MD o DO), nurse practitioner (NP), o physician assistant (PA) na nagsasanay sa ilalim ng awtoridad ng isang lisensyadong manggagamot; at mga lisensyadong pangkaisipang at pag-uugali (mental and behavioral health) na manggagamot kabilang ang Clinical Social Worker (LCSW), clinical psychologist (Psy.D.) Professional Clinical Counselor (LPCC), o Marriage and Family Therapist (LMFT).

Sa mga oras na ang Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ay maaaring iatas ang pangkalahatang panloob na pagmamaskara o maaaring iatas ang pagmamaskara sa mga particular na mga indibidwal, ang mga mag-aaral na may eksempyon sa pagsusuot ng maskara ay dapat magsuot ng panangga sa mukha na may tela sa ibaba, hangga't pinapayagan ito ng kanilang kondisyon. Ang mga paaralan ay dapat pumasok sa isang inter-aktibong proseso sa mga indibidwal na aataasang magsuot ng maskara ngunit mayroong balidong eksempyon at maaaring piliing magpatupad ng mga alternatibong estratehiya sa proteksyon kapag tinatanggap ang mga naturang estudyante sa paaralan. Kabilang sa mga alternatibong estratehiya para sa pagsasaalang-alang ang: regular (hal., lingguhan) pananalang pagsusuri ng sinumang hindi nakamaskarang mga mag-aaral; mga estratehiya upang mapabuti ang bentilasyon sa mga panloob na espasyo na tumanggap ng mga estudyanteng hindi nakamaskara; pag-upo sa mga mag-aaral na hindi nakamaskara nang mas malapit sa mga bukas na bintana, bentilador na nagpapalabas ng hangin, HVAC papasok na pasingawan, at mga nagsosolong mga sumasala ng hangin; at nag-aalok sa mga mag-aaral at kawani na kasama sa mga panloob na espasyo ng hangin ng mga hindi nakamaskarang mga mag-aaral na nagtaas ng grado ng mga respireytor na maskara (hal. N95, KN95, KF94).

- Eksempyon sa pagmamaskara para sa mga malapitang pakikisalamuha: Anuman ang pangkalahatang patakaran sa panloob na pagmamaskara, ang Pangkalahatang Utos ng Pagkukulong ng LA County ay kasalukuyang iniaatas ng ang mga may malalapit na pakikisalamuha sa isang kaso na nananatiling walang sintomas na magsuot ng lubos na mataas na antas ng proteksiyon na maskara sa loob ng 10 araw pagkatapos ng huling

pagkakatad kapag nasa paligid ng iba habang nasa loob na lugar, at upang suriin ng hindi bababa sa isang beses 3-5 araw pagkatapos ng pagkakatad, kung nais nilang maiwasan ang pagkukulong sa bahay. Ang mga mag-aaral na natukoy na may malapit na pakikisalamuha na may balidong eksemplasyon sa pagmamaskara na gustong manatili sa paaralan pagkatapos ng pagkakatad ay dapat manatiling walang sintomas, subaybayan para sa mga sintomas sa loob ng 10 araw pagkatapos ng huling pagkakatad, **at nasuring negatibo para sa COVID-19 ng hindi bababa sa isang beses 3-5 araw pagkatapos ng pagkakatad at isang beses 6-9 araw pagkatapos ng pagkakatad. Ang mga mag-aaral na hindi nakakatugon sa mga patakarang ito at hindi maaaring magsuot ng maskara pagkatapos ng pagkakatad ay kailangang manatili sa bahay sa loob ng sampung araw pagkatapos ng huling pagkakatad.** Higit pa rito, ang mga mag-aaral, kawani, at mga administrador sa mga paaralan ay dapat makipagtulungan sa mga tagubilin mula sa mga imbestigador ng pagsiklab ng LA County DPH na maaaring magpatupad ng mga pansamantalang estratehiya na naiiba sa mga protokol na ito kung may nangyaring pagsiklab sa paaralan. Halimbawa, ang mga mag-aaral na hindi makapagmaskara ay maaaring atasan na manatili sa bahay sa panahon ng aktibong pagsiklab para sa kaligtasan ng mga mag-aaral na iyon at ng populasyon ng kampus sa kabuuan.

- Para sa mga empleyadong hindi makapagsuot ng maskara, sumangguni sa Cal/OSHA ETS para sa mga patakaran sa pagbabalik-trabaho pagkatapos ng isang kaganapan sa pagkakatad.

D. Komunukasyon ng Protokol

- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay ipinamahagi na sa mga empleyado.
- Ang kopya ng protocol na ito ay nailagay na sa opisina ng paaralan at nailagay na sa pahina ng website ng paarala o distrito na nakaharap sa publiko.

MGA PANUKALA UPANG MAGPAHINTULOT NG PINABUTING BENTILASYON AT PAGBABAWAS NG MARAMING TAO NG MGA KAWANI, MGA MAG-AARAL, AT MGA BISITA (TINGNAN ANG LAHAT NG NAAANGKOP)

- Ang pagpapatupad ng mga panukala upang maisulong ang pinakamainam na bentilasyon sa paaralan ay lubos na inirerekomenda. Maaaring kabilang dito (tingnan ang lahat ng naaangkop)
 - Ang paglipat ng pag-aaral sa silid-aralan, mga pagkain, at mga aktibidad patungo sa panlabas na espasyo ay pinapalawig sa tuwing magagawa at pinapayagan ng panahon. _____
 - Ang sistema ng HVAC ng paaralan ay nasa maganda, gumaganang kaayusan. Bago ang muling pagbubukas ng paaralan, isaalang-alang ang pagsusuri ng sistema ng HVAC ng isang naaangkop na inhinyero na pamilyar sa Patnubay para sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan na binuo ng American Society of Heating, Refrigerating, at Air-conditioning Engineers (ASHRAE). _____
 - Ang mga sistema ng HVAC ay nakaayos para palawigin ang panloog/panlabas na palitan ng hangin maliban kung ang mga kondisyon sa labas (kamakailang sunog, napakataas na temperatura sa labas, mataas na bilang ng pollen, atbp.) ay ginagawa itong hindi naaangkop. _____
 - Ang mga naililipat at nadadalang, mataas na antas ng kahusayang mga nananala ng hanging ay naikabit na kung magagawa. _____
 - Ang mga pinto at bintana ay pinananatiling bukas sa araw ng pag-aaral kung magagawa at kung ang mga kondisyon sa labas ay angkop dito. Ang mga umiiral na kodigo sa sunog na

nangangailangan ng pagsasara ng mga pinto na klaseng pangsunog ay dapat igalang.

- Ang mga nananala ng hangin ay naitaas na ang grado sa mas mataas na kahusayan (MERV-13 o mas mataas na klase ay mas pinipili). _____
 - Dahil sa malaking kapasidad ng silid at mga aktibidad na may mataas na peligro na nagaganap sa korte, ang pinahusay na bentilasyon sa mga dyimnasyum ay isang kritikal na estratihiya upang mapababa ang panganib ng pagkakahawahan ng virus at mga pagsiklab na nagaganap bilang resulta ng mataas na panganib na mapagkumpitensyang paglalaro. Ang estratihiyang paggamit ng mga bentilador upang mapabuti ang pagpapalitan ng hangin nakapantay ng sahi ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pagkontrol ng panganib na ito. Tingnan ang [Pinakamahusay na mga Kasanayan sa Bentilasyon sa Dyimnasyum](#) para sa mas marami pang gabay. _____
 - Iba pa: _____
 - Mas marami pang impormasyon sa pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa mga paaralan kabilang ang isang kagamitang may inter-aktibong aksyon ng CDC at gabay ng CDPH ay makukuha sa [LACDPH TK-12 Schools COVID-19 Toolkit](#).
- Isalang-alang ang pagpapatupad ng mga panukala upang mapabuti ang bentilasyon at itaguyod ang distansyang pisikal ng mga mag-aaral sa mga school bus. Maaaring kabilang sa mga panukala (tingnan ang lahat ng naaangkop):
- Paupuin ang isang bata kada upuan ng bus. _____
 - Gumamit ng halinhinang hilera. _____
 - Buksan ang mga bintana kung ang kalidad ng hangin at ang kaligtasan ng mga pasahero ay pinahihintulutan ito. _____
- Isalang-alang ang pagpapatupad ng mga panukala para mabawasan ang dami ng tao habang ang mga mag-aaral, mga magulang o mga bisita ay pumapasok at naglalakad sa buong gusali ng paaralan. Maaaring kabilangan ito (tingnan ang lahat ng naaangkop):
- Ang mga empleyado ng paaralan ay ipinakalat sa mga pasilyo upang itaguyod ang distansyang pisikal at bawasan ang pagtambay at dami ng tao habang ang mga mag-aaral ay pumapasok at nagpapatuloy sa mga silid-aralan. _____
- Isalang-alang ang pagpapatupad ng mga panukala na nagpapahintulot para sa distansyang pisikal sa loob ng mga silid aralan kung possible ng hindi nakakagambala sa mga mahahalagang operasyon. Maaaring kabilang sa mga panukalang ito (tingnan ang lahat ng naaangkop):
- Ang mga kasangkapan sa silid-aralan ay nakaayos upang mapalawig ang distansya sa pagitan ng mga mag-aaral at sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Bilang isang pinakamahusay na kasanayan, iwasan ang paggamit ng pagkakaayos ng upuang magkakasama ("pod" seating arrangement) sa mga silid-aralan. Kung hindi magagawa ang pagdistansya, isalang-alang ang iba pang mga panukala sa kaligtasan kabilang ang pinahusay na bentilasyon.
 - Ang pag-idlip at pahingang lugar sa mga silid aralan ay dapat na ang mga mag-aaral ay nakapwesto sa malayong distansyang hiwalay at halinhinan ang mga paa sa ulo.
 - Iba pa: _____
- Isalang-alang ang pag-aalok ng pisikal na edukasyon mga klase sa panlabas na lugar hanggang maaari
- Isalang-alang ang pagpapatupad ng mga patakaran ng paaralan na nagtataguyod ng distansyang pisikal sa mga kwartong palitan ng damit/paliguan. Ang mga patakaran ay maaaring kabilangan ng:
- Paghahalinhan ng akses sa kwartong palitan ng damit/paliguan. Isalang-alang ang paglilimita sa kabuuang oras ng mga mag-aaral at mga atletang mga mag-aaral na ginugugol sa loob ng kwartong palitan ng damit/paliguan, halimbawa, imungkahi na ang mga atletang

mga mag-aaral ay maligo sa bahay pagkatapos mag-ensayo at ng mga laro.

- Pagbuo ng mga alternatibong opsyon sa lagayan ng mga damit, libro at iba pang bagay ng mag-aaral.
- Isaalang-alang ang mga panukala para mapalayo ang distansyang pisikal habang nasa oras ng pagkain ng paaralan kapag ang mga mag-aaral ay nasa panloob na lugar at hindi nakamaskara. Maaaring kabilangan ito (tingnan ang lahat ng naaangkop):
- Kung ang mag-aaral ay pumila para kumuha ng pagkain, ang teyp o iba pang mga marka ay gamitin upang itaguyod ang distansya sa pagitan ng mga mag-aaral. _____
 - Kung ang pagkain ay gaganapin sa kapeterya, ang oras ng pagkain ay gawing halinhinan para mabawasan ang dami ng mga grupo sa kapeterya sa parehong oras. _____
 - Kung ang pagkain ay gaganapin sa kapeterya, ang espasyo sa pagitan ng lahat ng mga mesa/upuan ay pinalayo para mapanatili ang distansya sa pagitan ng mga mag-aaral habang kumakain.

MGA PANUKALA PARA PALAWIGIN ANG PAGKONTROL SA IMPEKSYON (TINGNAN ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA MGA PASILIDAD)

- Ang [pagsasala sa mga empleyado](#) ay inirerekomenda na isagawa bago makapasok ang mga empleyado sa espasyo ng trabaho, gayundin para sa mga mag-aaral at mga bisita. Dapat kasama sa pagsasala sa pagpasok ang pagtatanong tungkol sa ubo, pagkakapos sa paghinga, hirap sa paghinga at lagnat o pangiginig at kung ang empleyado ay kasalukuyang nasa ilalim ng utos ng pagbubukod o pagkukulong. Maaaring gawin ang mga pagsasalang ito nang harapang personal pagdating sa lugar o malayuan bago dumating gamit ang isang digital app o iba pang diskarte.
- Ang mga mag-aaral, kawani, at bisita na nagpositibo sa pagpasok o nag-ulat ng mga sintomas sa anumang oras sa araw ng pagpasok ay dapat iulat sa Koponan ng Pagsunod sa COVID-19. Ang Koponan sa Pagsunod sa COVID-19 ay tutukuyin kung ang indibidwal ay dapat paalisin sa pasilidad ayon sa patnubay ng DPH sa [Mga Landas ng Pagsasala sa mga Sintomas at Pagkakalantad](#) sa Mga Institusyong Pang-edukasyon. Ang mga mag-aaral na nagpositibo sa pagsasala ay binibigyan ng pang-operang maskara, maliban kung nakasuot na sila ng maskara na inirekomendang kalidad at sinamahan sa isang paunang napiling espasyo ng pagbubukod kung saan maaari silang manatili habang ang isang pagpapasiya ay ginagawa sa pagbubukod at ginagawa ang mga pagsasaayos para sa kanilang pag-uwi, kung saan ipinahiwalig.
- Ang pagsasala bago pumasok ng mga nasa hustong gulang at ng mga mag-aaral na nasa edad na para sa gitna at mataas na paaralan (middle at high school) ay dapat magsama ng tanong tungkol sa malapit na pakikipag-ugnayan sa sinuman sa bahay, paaralan o saanman sa nakalipas na 10 araw na nasuring positibo sa COVID-19. Ang sinumang nasala para sa kamakailang pagkakalantad at nag-ulat ng malapit na pakikisalamuha sa nahawahang tao ay dapat na mapangasiwaan ayon sa gabay sa [Appendiks T2: Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad para sa mga Paaralang TK-12](#).
- Maaaring isaalang-alang ng mga paaralan ang isang estratehiya para sa pana-panahong pagsusuri para sa mga indibidwal na walang sintomas na walang alam na pagkakalantad. Ang Pamahalaan ng Pampublikong Pangkalusugan ng California (CDPH) ay hindi nag-aatas ng anumang partikular na dalas o pamamaraan para sa mga pagsusuri sa mga walang sintomas sa panahong ito. Gayunpaman, sa panahon ng mataas na pagkakahawahan sa komunidad at pagtaas ng mga bilang ng nahohospital, tulad ng kapag ang LA County ay itinalaga na nasa mataas na antas ng komunidad

ng CDC, ang regular na pagsusuri sa lahat ng mga mag-aaral at kawani anuman ang katayuan ng pagbabakuna* ay malamang na magbunga ng maraming bilang ng mga positibong kaso sapagkat kung hindi, ito ay mananatiling hindi makikilala at magbibigay-daan sa mas makararaming pagkakahawahan sa kapaligiran ng paaralan na mangyari. Ang Pamahalaan ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay may mga mapagkukunang magagamit para sa mga paaralan upang tumulong sa kapasidad sa pagsusuri. Ang mga katanungan tungkol sa mga mapagkukunan ng pagsusuri ay maaaring ipadala ACDC-Education@ph.lacounty.gov.

- *Hindi inirerekomenda ang pagsasala sa pagsusuri para sa mga taong gumaling na mula sa nakumpirma ng laboratoryo sa COVID-19 sa loob ng nakalipas na 90 araw at walang sintomas.
- ☐ Maliban kung pinili ng paaralan o distrito ng paaralan na magpatupad ng mas mahigpit na patakaran sa pagmamaskara upang makapagbigay ng mas mataas na antas ng kaligtasan para sa lahat, ang pagmamaskara ay maaaring batay sa indibidwal na kagustuhan para sa sinumang pumapasok sa mga panloob na bahagi ng mga gusali o sasakyan ng paaralan (mga school bus pati na rin ang mga gusali ng paaralan) at kung sino ang may pakikisalamuha sa iba (mga mag-aaral, magulang, o iba pang empleyado) na naaayon sa kasalukuyang Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan. Nananatiling mahigpit na inirerekomenda para sa mga indibidwal na nanganganib para sa malubhang sakit na magsuot ng mataas na proteksyon ng maskara sa mga sumusunod na kapaligiran.
- Mga saradong espasyo na may mahinang daloy ng hangin
 - Mga mataong lugar na maraming tao sa malapit, at
 - Mga kapaligirang may malapit na pakikisalamuha lalo na kung saan ang mga tao ay nag-uusap (o humihinga ng malalim) nang malapitan.
- ☐ Alinsunod sa [Gabay ng Operasyon ng CDC para sa Mga Paaralang K-12](#), inirerekomenda ang pagmamaskara para sa lahat ng tao sa opisina ng nars ng paaralan o opisina ng kalusugan, maliban kung ang nars ng paaralan o iba pang kawani ay nagtatrabaho nang mag-isa sa espasyo.

Wala sa protokol na ito ang nag-aatas na ang paaralan ay magbigay ng mga maskara sa pangkalahatang populasyon ng mag-aaral nito na piniling magsuot nito. Gayunpaman, ang pagpapanatili ng pagtutustos ng mga maskara para sa mga mag-aaral na maaaring magkaroon ng mga sintomas sa araw ng pasukan ay inirerekomenda para hindi mabago ang kaligtasan ng kampus.

- Para sa pinakabagong gabay ng LACDPH at impormasyon sa pagmamaskara, sumangguni sa [Mga Maskara para sa COVID-19](#).
 - Mga pagsasaalang-alang sa pagtuturo: Sa mga panahon kung kailan ang Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ay nangangailangan ng pangkalahatang pagmamasakara sa panloob na lugar, o para sa mga empleyado na mas gustong magsuot ng maskara nang kusang-loob kapag hindi iniaatas ang pagmamaskara, ang mga guro o iba pang kawani na nag-aalala tungkol sa mga potensyal na hadlang sa pandinig ng sinasabi na pagtuturo ay dapat isaalang-alang ang pagpapalit ng mga maskara ng may malinaw na mga bahagi na nakikita ang mga labi at bibig. Maaari rin nilang isaalang-alang na ipalit ang isang panangga sa mukha na may tela sa ibaba bilang kapalit ng isang panakip sa mukha, sa panahon ng mga partikular na aktibidad na ito.
- ☐ Ang boluntaryong paggamit ng mataas ang pagsasala, maayos na kasyang mga maskara sa muka ng mga kawani, mag-aaral, at mga bisita ay angkop kapag nasa panloob na lugar, dahil ang pagmamaskara ay nananatiling epektibo sa pagkontrol na istrategiya para limitahan ang panganig ng transmisyon sa mga kampus ng paaralan.

- Hinihikayat ang paaralan na magpanatili ng karatula sa pasukan sa paaralan, sa pasukan sa opisina ng paaralan at sa buong gusali ng paaralan na nagsasabing ang pagmamaskara sa mukha ay napaka-epektibo sa pagpigil ng transmisyon ng COVID-19 at iba pang mga sakit sa palahingahan, at sa wastong paggamit ng mga maskara sa mukha para sa mga taong piniling magsuot ng mga ito. _____
- Ang mga magulang ng mas batang mga bata na mas gusto ang kanilang anak ay patuloy na magsuot ng maskara ay hinihikayat na magbigay ng pangalawang maskara sa mukha para sa pagpasok sa paaralan bawat araw kung sakaling marumihan ang suot ng bata; ito ay magbibigay-daan para sa pagpapalit ng maskara sa mukha sa maghapon. _____
- ☐ Inirerekomenda na magkaroon ng mga panukala na nakapwesto na upang maitaguyod ang naaangkop na paglilinis ng espasyo, ibabaw, at mga bagay sa buong paaralan. Maaaring kabilang dito ang (tingnan ang lahat ng naaangkop).
 - Ang mga bus ay lubusang nililinis araw-araw at dinidisisimpekta pagkatapos ihatid ang sinumang indibidwal na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19. Ang mga nagmamaneho ay mayroong mga pangdisimpektang pamunas at naitatapong mga gwantes upang suportahan ang pagdidisimpekta ng mga ibabaw kung kinakailangan habang umaandar.
 - Ang mga produktong panlinis na epektibo laban sa COVID-19 (nakalista ang mga ito sa listahan na aprubado ng Environmental Protection Agency [EPA] na listahang "N") ay ginagamit ayon sa mga tagubilin ng produkto. Kapag hindi pwedeng magamit ang mga pangdisimpekta na inaprubahan ng EPA, maaaring gumamit ng mga alternatibong pangdisimpekta (halimbawa, 1/3 tasa ng pampaputi [bleach] na idinagdag sa 1 galon ng tubig, o 70% solusyon ng alkohol). Huwag paghaluin ang pampaputi (bleach) o iba pang mga produktong panlinis at pangdisimpekta na magkakasama – nagdudulot ito ng mga nakakalasang usok na maaaring lubhang mapanganib na masinghot. _____
 - Ang kawani na naglilinis at iba pang kawani na responsable sa paglilinis at pagdidisimpekta sa mga ibabaw at bagay ng paaralan ay sinanay sa mga direksyon ng tagagawa, mga patakaran ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit at ayon sa iniaatas ng Healthy Schools Act, kung naaangkop. _____
 - Ang mga kawani na naglilinis at iba pang kawani na responsable sa paglilinis at pagdidisimpekta ay mayroong naaangkop na personal na pamprotektang kagamitan (PPE), kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan at iba pang naaangkop na kagamitang pang-proteksyon ayon sa kinakailangan ng produkto. _____
 - Ang lahat ng mga produktong panlinis ay hindi maaabot ng mga bata at inilalagay sa isang lugar na may nililimitahang akses. _____
- Ang bentilasyon ay pinalawig sa panahon ng paglilinis at pagdidisimpekta sa abot ng makakaya. Kung gumagamit ng pampalamig ng hangin (air conditioning), gamitin ang tamang pagtatakda na nagdadala ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga panala ng hangin at sistema ng pananala (air filter and filtration system) upang masigurado ang pinakamainam na kalidad ng hangin. _____
- Ang mga banyo, bulwagan, mga kwarto ng pagpapahinga at mga silid pahingahan, at iba pang mga pangmadlang lugar ay nililinis sa dalas na nakalista sa ibaba. Ang nakagawiang paglilinis ay inirerekomenda sa dalas ng hindi bababa sa isang beses bawat araw sa mga panahon ng operasyon ngunit maaaring gawin nang mas madalas.
 - Mga Banyo: _____
 - Mga lugar ng bulwagan/pasukan: _____
 - Mga kwarto ng pagpapahinga ng Guro/Kawani: _____
 - Mga Silid-aralan: _____

- Lugar ng Kainan sa Kapeterya: _____
 - Lugar kung saan inihahanda ang mga pagkain sa Kapeterya: _____
 - Tanggapang opisina: _____
 - Iba pang mga opisina: _____
 - Iba pang lugar: _____
- Ang pagpapatupad ng mga panukala upang maitaguyod ang madalas na paghuhugas ng kamay ng mga kawani, mag-aaral, at mga bisita ay inirerekomenda. Maaaring kabilang dito ang (tingnan ang lahat ng naaangkop):
- Ang mga mag-aaral at kawani ay binibigyan ng madalas na pagkakataong maghugas ng kanilang mga kamay sa loob ng 20 segundo gamit ang sabon, kuskusin nang maigi pagkatapos maglagay, at gumamit ng mga nagpapatuyo ng kamay na hindi hinahawakan o tuwalyang papel (o isahang gamit na tuwalyang tela) upang matuyo nang husto ang mga kamay. _____
 - Ang mga batang mag-aaral ay regular na naka-iskedyul para sa madalas na mga pahinga para makapaghugas ng kamay, kabilang ang bago at pagkatapos kumain, pagkatapos magbanyo, pagkatapos maglalaro sa labas, at bago at pagkatapos ng anumang panggrupong aktibidad. _____
 - Ang base sa ethyl alcohol (naglalaman ng hindi bababa sa 60% ethanol) na sanitizer para sa kamay ay ginawang pwedeng magamit ng mga mag-aaral at kawani sa mga estratehikong lokasyon sa buong paaralan kung saan walang lababo o naililipat/nadadalang istasyon ng paghuhugas ng kamay (sa loob o malapit sa mga silid-aralan, mga silid kung saan ibinibigay ang mga serbisyo ng suporta, musika at mga silid ng sining). Mas pinipili ang base sa ethyl alcohol na sanitizer para sa kamay at dapat gamitin sa mga kapaligiran ng paaralan. Ang mga sanitizer para sa kamay na may isopropyl alcohol bilang pangunahing aktibong sangkap ay hindi ginagamit sa paaralan, dahil mas nakakairita ito at maaaring masipsip sa balat. _____
 - Ang paglunok ng mga sanitizer para sa kamay na base sa alkohol ay maaaring magdulot ng pagkalason sa alkohol. Ang sanitizer para sa kamay ay wala sa labas at dapat gamitin nang may pangangasiwa ng may sapat na gulang para sa mga batang wala pang 9 taong gulang. Naipaalam na sa mga guro at kawani ang panganib ng paglunok at dapat nilang tawagan ang Pagkontrol sa Lason (Poison Control) sa 1-800-222-1222 kung mayroong dahilan upang maniwala na ang isang mag-aaral ay nakainom ng sanitizer para sa kamay. _____
 - Ang sanitizer para sa kamay, sabon at tubig, tisyu at basurahan ay makukuha/magagamit sa o malapit sa pasukan ng pasilidad, sa tanggapan, at saanman sa loob ng lugar ng trabaho o sa paglabas na paglabas kung saan may direktang inter-aksyon ang mga tao. _____
- Inirerekomenda na ang sanitizer para sa kamay na epektibo laban sa COVID-19 ay makukuha/magagamit ng lahat ng mga empleyado sa o malapit sa mga sumusunod na mga lokasyon (tingnan ang lahat ng naaangkop):
- Sa (mga) pasukan, labasan ng gusali _____
 - Sentral na opisina _____
 - Sa pasukan ng mga hagdanan _____
 - Sa pasukan ng elebeytor (kung naaangkop) _____
 - Mga silid aralan _____
 - Kwarto ng pahingahan ng mga guro _____
 - Mga opisina ng guro: _____

MGA ESPESYAL NA KONSIDERASYON PARA SA MGA PALAKASAN (SPORT) AT SINING NG PAGTATANGHAL (PERFORMING ARTS) NG PAARALAN

☐ **Pangkalahatang Pagsasaalang-alang:** Ang pisikal na pagbibinat at iba pang mga aktibidad na may tumaas o mas malakas na paghinga, tulad ng mga palakasang may kontak (contact sports), pag-awit, pagtugtog ng mga instrumentong hinihipan ng hangin, pagsasayaw o pagbigkas sa panahon ng pag-eensayo sa teatro (theatrical rehearsal) at pagtatanghal, ay magpapataas ng panganib ng transmisyong virus, lalo na sa panloob na lugar. Sa oras na ito, alinsunod sa aming Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, ang paggamit ng mga maskara sa panahon ng mga aktibidad na ito ay isang personal na kagustuhan. Gayunpaman, ang mga paaralan, ang mga nagtatanghal sa sining ng mga klase at grupo ng samahan (performing art classes and clubs) at mga grupong samahan ng palakasang pambata at mga liga (youth sports clubs and leagues) ay malayang isaalang-alang ang mas maingat na pagtataguyod at magpatupad ng mas mahigpit na mga patakaran sa pagmamaskara o pagsusuri sa mga aktibidad na ito na mas mataas ang panganib. Sumangguni din sa Plano ng Pagtugon sa COVID-19 ng Los Angeles County, na nagsasaad na kung ang sukatan ng maagang alerto para sa bilang ng mga pagsiklab sa silid-aralan ay pumasok sa mataas na antas ng pag-aalala, ang pagmamaskara ay lubos na irekomenda para sa mga aktibidad na ito na mas mataas ang panganib.

☐ **Mga palakasan (Sport) ng Paaralan**

- Anumang organisadong palakasang pambata (youth sports) kabilang ang mga palakasang pangkoponan ng paaralan (school sports team) at club ay dapat repasuhin ang [Apendiks S: Protokol para sa Organisadong Palakasang Pambata](#) (Organized Youth Sports) at dapat sumunod sa mga iniaatas sa mga ito para mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19. Ang ilang particular na mga rekomendasyon ay sinusundan pero hindi kapalit para sa Apendiks S.
- Kahit na ang mga panlabas na mga palakasan ay maaaring kabilang ang mga mas mataas na panganib na pakikipag-ugnayan na nangyayari sa panloob na lugar, kabilang ang paglalakbay sa mga bus ng koponan, pagsasanay sa pagbubuhay, pagsasalo-salo ng silid bihisang/paliguan, o panood ng mga pelikula tungkol sa paglalaro, bukod sa iba pa. Dapat isaalang-alang ng mga programang pangpalakasan kung naaangkop ang mga karagdagang hakbang sa kaligtasan, tulad ng pagmamaskara sa mga kapaligirang ito, iatas ang pagbabakuna, regular na pana-panahong pagsusuri, paglilimita sa bilang ng mga kalahok na gumagamit ng mga silid na may mga binubuhay na pampalakas at ng silid na palitan/paliguan nang sabay, at paglipat ng mga aktibidad sa panlabas na lugar hangga't maaari.
- Kung ang mga aktibidad sa palakasan ng kabataan ay nagaganap sa panloob na lugar, siguraduhin na ang sistema ng Heating, Ventilation, at Air Conditioning (HVAC) ng iyong gusali ay nasa maayos, gumaganang kaayusan. Ang bentilasyon sa mga dyimnasyum ay maaaring mapabuti sa estratehiyang paglalagay ng mga bentilador sa sahig. Tingnan ang [Pinakamahuhusay na Kasanayan para sa Bentilasyon sa Dyimnasyum](#) para sa mga dayagram.

☐ **Mga Klase sa Musika**

- Maaaring isaalang-alang ng mga paaralan kung ang mga karagdagang hakbang sa kaligtasan ay dapat ipatupad kapag tinutugtog ang mga instrumentong hinihipan ng hangin o ang pag-awit ay nangyayari sa kapaligiran ng grupo, lalo na sa panloob na lugar. Ang ilang mga mungkahi ay kinabibilangan ng:
 - Ang mga indibidwal na mga tumutugtog ng mga instrumento na hinihipan ng hangin ay maaaring magsuot ng binagong panakip sa mukha na nagbibigay-daan para sa direktang kontak sa instrumento sa bibig sa tuwing sila ay tumutugtog ng instrumento. Sa mga panahong hindi aktibong nagsasanay o nagtatanghal ang mga mag-aaral,

maaari nilang piliin na palitan nila ang mga panakip sa mukha.

- Ang mga takip ng kampanya ng instrumento ay inirerekomenda na gamitin sa pagtugtog ng mga instrumentong hinihipan ng hangin.
- Isaalang-alang na payagan ang pagkakaroon ng distansyang pisikal (3 talampakan ang pinakamababang inirerekomenda) sa pagitan ng sinumang indibidwal na tumutugtog ng instrumentong hinihipan ng hangin at lahat ng iba pang kalahok.
- Isaalang-alang na magsagawa ng regular na pagsusuri ng pagsasala nang hindi bababa sa linggu-linggo sa lahat ng mga indibidwal na kalahok sa panloob na lugar na pagsasanay o pagtatanghal ng grupo lalo na kung ang mga maskara, malakampanyang takip, at ang pagdidistansya ay hindi ipinapatupad.
- Ilipat ang mga aktibidad na ito sa panlabas na lugar hangga't maaari na lubos na makakabawas sa mga panganib na may kaugnayan sa mahinang bentilasyon at pagdami ng mga tao sa panloob na lugar. Ang mga karagdagang hakbang sa pagpigil na inilarawan sa itaas tulad ng binagong mga maskara, mga takip ng kampanya, at pagdistansya ay maaari ding ipatupad sa panlabas na lugar batay sa antas ng pag-iingat na ninais.
- Para sa mga musikang aktibidad na kinabibilangan ng pag-awit sa kapiligirang panggrupo, isaalang-alang ang pagkakaroon ng dagdag na layo ng distansya sa pagitan ng mga indibidwal, at pagsali sa mga aktibidad na ito sa labas hanggang praktikal. Ang regular na pagsusuri sa lahat ng miyembro ng grupo kahit linggu-linggo ay isa pang konsiderasyon kung ang mga mang-aawit ay nagpa-praktis ng boses nang walang maskara at walang inirerekomendang distansyang pisikal habang nasa panloob na lugar.
- Gumamit ng mga naitatapong nakakasipsip na sapin (disposable absorbent pad) o iba pang mga lagayan, kung posible, upang masambot ang mga nilalaman ng mga dura sa balbula o tubig sa mga pinipindot sa instrument (water key), itapon o linisin nang maayos pagkatapos gamitin.

☐ Mga Klase sa Teatro

- Isaalang-alang na magkaroon ng malayong distansyang pisikal sa pagitan ng mga nakikilahok kapag sila ay nagsasalita at ang mga maskara ay hindi ginagamit (halimbawa, ang mga nasa pagsasanay sa teatro).
- Isaalang-alang ang regular na pagsusuri nang hindi bababa sa lingguhan para sa lahat ng mga kalahok kung ang mga maskara ay hindi ginagamit at ang distansyang pisikal ay hindi pinananatili habang nagsasanay o nag-eensayo sa panloob na lugar.
- Isaalang-alang ang pagdaraos ng virtual o panlabas na lugar na pag-eensayo at pagtatanghal sa halip na panloob na lugar hanggang praktikal.

☐ Mga klase sa Pagsasayaw

- Habang sumasayaw at naglalabas ng mas maraming mga butil ng paghinga dahil sa matinding pagbibinat, isaalang-alang pagdagdag ng layo ng distansya sa pagitan ng mga indibidwal at/o paglilipat sa mga naturang aktibidad sa panlabas na espasyo.
- Isaalang-alang ang regular na pagsusuri sa pagsasala kahit man lang lingguhan para sa lahat ng mga kalahok kung ang mga maskara ay hindi ginagamit at ang distansyang pisikal ay hindi pinananatili sa panahon ng panloob na aktibidad.

☐ Pagrerekord ng Musika

- Isaalang-alang ang pagdadagdag ng layo ng distansya sa pagitan ng mga mang-aawit at lahat ng iba pa sa kubol para sa mga tunog o kubol ng pinagrerekordan ng musika, lalo na kung ang mga bokalista ay hindi nagsusuot ng maskara, dahil sa napakaraming mga butil ng paghinga na inilabas sa isang medyo maliit, nakasaradong panloob na espasyo.
- Kung tinutugtog ang mga instrumentong hinihipan ng hangin sa loob ng kubol para sa mga tunog (sound booth) kasama ang iba pa sumangguni sa seksyon sa itaas sa mga klase ng musika para sa mga iminumungkahi kung paano pagbutihin ang kaligtasan at makontrol ang panganib.
- Ang ibang grupong instrumental na musika bukod sa instrumentong hinihipan ng hangin ay maaaring i-rekord gamit ang kubol para sa mga tunog (sound booth); gayunpaman, isaalang-alang ang pagpapanatili ng hindi bababa sa 3 talampakang distansyang pisikal sa pagitan ng lahat ng mga musikero, kapag practical, lalo na kung ang mga maskara ay hindi ginagamit.
- Ang regular na pagsusuri kahit man lang linggu-linggo ay mahigpit na inirerekomenda para sa lahat ng miyembro ng isang grupo na nagsasalo sa kubol ng pagrerekord kung ang mga maskara ay hindi isinusuot ng lahat at ang distansyang pisikal ay hindi pinananatili.
- Bago gamitin ang kubol ng ibang musikero o grupo ng mga musikero, ang kubol ay dapat na may maayos na bentilasyon (isaalang-alang ang paggamit ng gamit na nagsasala ng hangin [air purifying device]) upang maitaguyod ang kumpletong palitan ng hangin at ang mga pinaghihiramang mga gamit (hal., mga mikropono) ay dapat na isanitays.

☐ Mga Pagtatanghal

- Ang anumang mga pagtatanghal ay dapat sunding ang [Gabay sa Pinakamagandang Kasanayan para sa mga Maliliit na mga Kaganapan](#) para mabawasan ang panganib ng pagkakalat ng COVID-19, maliban na lang kung ang iyong pagtatanghal o kaganapan ay isang Napakalaking Kaganapan [Mega Event] (na pinakakahulugang mas marami kaysa 1,000 dumadalo sa panloob na pinagdarausan o 10,000 dumadalo sa panlabas na lugar), kung sa gayon ay mong sundin ang [Gabay para sa Napakalaking Kaganapan \(Mega Events\)](#).
- Para sa lahat ng pagtatanghal na itinaguyod ng paaralang TK-12 na mga produksyon, isaalang-alang ang pagpapatupad ng karagdagang mga hakbang pangkaligtasan, lalo na kung hindi isinusuot ang mga maskara sa habang nagtatanghal sa panloob na lugar. Isaalang-alang ang regular na pagsusuri ng hindi bababa ng lingguha para sa lahat ng mga nagtatanghal at mga manggagawa sa entablado na may malapit na pakikisalamuha sa mga nagtatanghal, simula nang hindi hihigit sa 72 oras bago ang unang pagtitipon ng grupo ng produksyon (production ensemble) at magpatuloy hanggang sa katapusan ng iskedyul ng pagtatanghal.

MGA PANUKALA NA NAGBIBIGAY ALAM SA KOMUNIDAD NG KAMPUS AT NG PUBLIKO

- ☐ Ang impormasyon ay dapat ipadala sa mga magulang at mag-aaral bago magsimula ang pasukan tungkol sa mga patakaran ng paaralan na may kaugnayan sa (tingnan ang lahat ng naaangkop):
 - Mga patakaran sa pagbubukod at pagkukulong habang naaangkop ang mga ito sa mga mag-aaral na may mga sintomas o maaaring nalantad sa COVID-19 _____
 - Mga opsyon para sa pagsusuri sa COVID-19 kung ang mag-aaral o miyembro ng pamilya ay may mga sintomas o nalantad sa COVID-19 _____
 - Sino ang dapat kontakin sa paaralan kung ang mag-aaral ay may mga sintomas o maaaring nalantad:

- Paano magsagawa ng pagsusuri ng sintomas bago umalis ng bahay ang mag-aaral _____
- Ang pagiging epektibo ng mga maskara sa mukha sa pagpapababa ng panganib ng paghahatid ng COVID-19 at iba pang impeksyon sa paghinga, at ang karapatan ng lahat ng indibidwal na magsuot ng mask batay sa personal na kagustuhan nang walang banta ng panghihimasok o diskriminasyon. _____
- Kahalagahan ng pagsunod ng mag-aaral sa anumang mga patakarang distansyang pisikal at pagkontrol sa impeksyon na nagawa na _____
- Mga pagbabago sa akademiko at ekstrakurikular na programa upang maiwasan ang panganib _____
- Mga patakaran ng paaralan tungkol sa mga pagbisita ng magulang sa paaralan at pagpapayo ng pakikipag-ugnayan sa paaralan ng malayuan _____
- Kahalagahan ng pagbibigay sa paaralan ng pinakabagong impormasyon ng kontak kung may emerhensya kabilang ang maramihang mga opsyon sa pakikipag-ugnayan sa magulang _____
- Iba pa: _____

MGA PANUKALA NA SUMISIGURADO NG PANTAY PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA MGA SERBISYO

- Ang plano para baguhin ang Individualized Education Plans (IEPs) at mga Planong 504 ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan ay binuo upang masigurado na ang edukasyon ay maaaring magpatuloy nang walang labis na panganib sa mag-aaral.
 - Kasama sa planong ito ang isang paraan para sa aktibong pakikipag-ugnayan ng paaralan sa mga magulang sa simula ng taon ng pag-aaral upang masigurado na ang mga isyu na may kaugnayan sa edukasyon at kaligtasan ng bata ay tinutugunan.
 - Ang mga pagbabago sa mga indibidwal na IEP at 504 na mga plano ay maaaring may kasamang malayuang pag-aaral, mga pagbabago sa silid-aralan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral, pagpasok sa paaralan sa isang hiwalay na lugar na may kaunting mga mag-aaral, o isang halong pamamaraane na pinagsama ang harapang personal na klase at malayuang pag-aaral.
 - Mga hakbang na ginawa upang baguhin ang mga IEP at 504 na mga plano upang masigurado na ang kaligtasan ng mag-aaral ay sumusunod sa mga makabuluhang probisyon ng batas ng estado at pederal.
- Ang mga serbisyong pang-administratibo o pagpapatakbo na maaaring ialok nang malayuan (hal., pagpaparehistro ng klase, pagsusumite ng form, atbp.) ay inilipat on-line.

Anumang karagdagang mga panukala na hindi kasama sa itaas ay dapat na nakalista sa hiwalay na mga pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari mong kontakin ang mga sumusunod na tao sa alinman mga tanong o komento tungkol sa protokol na ito:

**Pangalan ng
Kontak sa** _____



Negosyo:

**Numero ng
Telepono:**

**Petsa ng Huling
Binago:**
